

Ang Makadiyos na Pangmalas sa Buhay (Bahagi 1)

Batay sa kabanata 13 ng aklat na *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na available sa jw.org/tl.

LAYUNIN: Suriin ang mga paniniwala mo at kung bakit mo pinaniniwalaan iyon, alamin ang itinuturo ng Bibliya, at tingnan kung paano mo maipaliliwanag sa iba ang iyong mga paniniwala.



MAHALAGA BA SA DIYOS KUNG ANO ANG TINGIN MO SA BUHAY?

1 SURIIN ANG PANINIWALA MO

Ano kaya ang posibleng sabihin ng iba?

Ano ang paniniwala *mo*?

Bakit iyon ang pinaniniwalaan mo?

Ang buhay ay regalo ng Diyos.

(Tingnan ang kabanata 13 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya*, parapo 1-2.)

Basahin ang Apocalipsis 4:11.

Ayon sa tekstong ito, bakit nararapat parangalan ang Diyos na Jehova?

Basahin ang Gawa 14:16, 17.

Bukod sa buhay na ibinigay ni Jehova, ano pa ang inilaan niya sa atin?



Inaalagaan ng mga tao ang mga bagay na mahalaga sa kanila. Dapat din nating alagaan at igalang ang regalong buhay

Dapat makita sa pagkilos natin na may paggalang tayo sa buhay.

(Tingnan ang kabanata 13 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya*, parapo 3-9.)

Basahin ang Exodo 21:22, 23; Deuteronomio 5:17; at Awit 127:3.

Ano ang sinasabi ng mga tekstong ito tungkol sa pananaw ng Diyos sa aborsiyon at pagpatay?

Basahin ang Roma 12:1 at 2 Corinto 7:1.

Paano natin maipakikitang iginagalang natin ang ating sariling buhay?

Bakit mo pinahahalagahan ang regalong buhay?

3

IPALIWANAG ANG IYONG PANINIWALA

KUNG MAY MAGSASABI...

Katawan ko 'to, kaya puwede kong gawin ang kahit anong gusto ko basta't wala akong nasasaktang iba.

PUWEDE MONG SABIHIN...

Ganiyan din siguro ang sasabihin ng marami. Pero naniniwala ako na mahalagang sundin ang pananaw ng Diyos kasi...

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

Paano mo gagamitin ang tekstong iyan para mangatuwiran sa kausap mo?

KUNG MAY MAGSASABI...

May karapatan ang isang babae na ipalaglag ang sanggol sa sinapupunan niya, tuta katawan niya iyon.

PUWEDE MONG SABIHIN...

Totoong may kalayaan tayong magpasiya, pero naniniwala akong mali ang aborsiyon kasi...

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

Paano mo gagamitin ang tekstong iyan para mangatuwiran sa kausap mo?
